

# ANO ANG ISANG PANGITAIN?



Salamat, na marami. Maaari po ba tayong manalangin?

<sup>2</sup> Makalangit naming Ama, pinasasalamatang Ka namin para sa lahat ng Iyong kabutihan sa amin. Diyos, nakakaramdam po kami na di kami karapat-dapat, at ang makita ang mga taong dumalo rito ngayong araw at ang makita ang kaarawang keyk na ito na nakapatong dito. Ipagpaumanhin Mo po, Ama. Ako'y Iyong patawarin. Wala po akong masabi. Pero nananalangin ako, Diyos, na sa kung anong paraan, sa kung anong paraan, ang daluyan ng Makalangit na pag-ibig na ito ay magpatuloy lang na lumingap sa bawat isa. Iyo pong pagpalain ang mga tao na ito na nagprepara ng napakabuting bagay na ito, Ama. Akin lamang pong hinihiling na ang Iyong mga pagpapala ay mapasa amin, nang higit-higit, sa araw na ito, hanggang sa ang buong gusali ay bahain ng Iyong Kaluwalhatian. At—at ang bulayin ang mismong oras na 'yun na nakikita ang mga bingi at pipi na dumadaan, papunta sa kabilang tabi. Oh, dalangin ko, Diyos, na sa kung anong paraan, ay magpangyari Ka sa ano mang dakilang paraan para sa amin sa araw na ito. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>3</sup> Nawa'y ang mga pagpapala ng Diyos ay lumukob kay Buckman. Sadya pong idinadalangin ko na pagpalain kayo ng Diyos, mga minamahal kong kaibigan. Yan ang pinaka mainam na bagay. Sa tingin ko . . . Naipakita n'yo na ba sa mga madla? Nakita na ba nila? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Sige. Hindi ba't ang ganda? Gusto kong kunin ang pagkakataong ito para pasalamatang kayo. Wala pong paraan sa mundo na ako'y makababawi sa sinuman sa inyo para sa inyong mga mabuting iginawad. At napansin ko ang mga regalo na ibinigay sa akin, at ito ring mumunting mga regalo sa sobre, at ang mga kard at iba pang bagay. Kahanga-hanga po! Parang gusto ko po tuloy mag-iskedyul uli ng pagkikita, na babalik sa susunod na taon para sa aking kaarawan. [Ipinapalapak ng kongregasyon ang kanilang mga kamay.] Salamat, na taos-puso. Grabe! Kahanga-hanga. Tumingin ako kanina sa paligid; di ko nga alam kanina kung ano 'yan. At talaga pong napakaganda, nitong lahat ng mga regalo n'yo.

<sup>4</sup> Isang bagay lang talaga ang masasabi ko. At di naman ito . . . Buweno, ang sabihin ito na may kalakip na panalangin, "Pagpalain kayo ng Diyos." At kung hindi na ako . . . at hindi na ipahintulot ng Diyos na gawin ko ito sa buhay na ito, na—na ipakita ko ang kaluguran ko para sa lahat ng mga regalo na ito na mula sa bawat isa. Mangyari nga na kahit munting batang babae ay may munting sobre riyon, at ang ikapuhap niya

'yun, at mga walong sentimo, sa palagay ko. Ipinadala niya 'yun sa akin bilang regalo sa kaarawan, ang kanyang ikapu. Mula dun, hanggang dito sa pinaka malalaking regalo rito, oh, ibalik nawa sa inyo ng Diyos nang masagana, minamahal kong mga kapatid na lalaki at kapatid na babae. Sadya ngang. . . Di ko po inakala na ganoon ang malasakit n'yo sa akin. Di ko inakala. Pero lubos-lubos ang pasasalamat ko rito.

<sup>5</sup> Ngayong araw, ay—ay, gawin natin itong parang puso-sa-puto na pag-uusap, siyanga, sa araw na ito. Na, sa halip na pangangaral po'y mangungusap ako at marahil ipapaliwanag ang ilang mga bagay na medyo nahihiwagaan kayo sa mga pagtitipon. Medyo hinihinal po ako. Dahil po, di ko inaasahan na may paggunita ng kaarawan uli ngayon.

<sup>6</sup> At nung pagpasok ko kanina sa pinto, nakadaupang-palad ko ang mabuting kaibigan ko rito, si Art Wilson. Sa palagay ko kilala siya ng lahat na mga Christian businessmen. Ang iyong—iyong tahanan ay sa Oregon, hindi po ba? O. . . [Sinasabi ni Kapatid na Wilson, "Reno, Nevada."—Pat.] Reno, Nevada. Si Kapatid na Art Wilson po, hayan siya sa may kanan ko.

<sup>7</sup> Ang kasunod naman na lalaki ay si G. Wood. Si G. Banks Wood po, ay kaibigan at kapitbahay ko. Nakakasama ko na si G. Wood. At marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya, gawa nung pagbebenta ng mga libro sa pagtitipon. Ang lalaki pong ito'y matagumpay na kontratista. At isang araw, habang nasa Louisville, Kentucky ako noon, nagdadaos ako ng pagtitipon; siya po'y isang Jehovah Witness, ang asawa naman niyang babae ay Methodist. Nabalitaan nila ang tungkol sa pagtitipon, kaya nagmaneho sila papunta roon para alamin kung totoo bang talaga.

<sup>8</sup> Nung gabing 'yun, may batang babae na paralisado, ang bata po'y ilang buwan nang nakaratay, hindi niya maigalaw ni anumang kasukasan niya, mula sa kanyang balakang pababa. Isa pong kabataang babae na mga nasa, oh, dalagita po na mga labing-limang taong gulang, tumayo po mula sa kinararayanan niya, habang dinadala siya sa entablado, nakakapaglakad-lakad na. Nung sumunod na araw, lumipas. Nakabalik na siya sa eskuwelahan nang ilang mga araw; ganap na normal, na. At marami pang mga bagay na ginawa ng Panginoon.

<sup>9</sup> Kaya si G. Wood, may trabaho pa nga siya noon. . . may bahay pa na tatapusin, o bagay na tinatrabaho niya noon, dali-dali siya't tinapos agad 'yun; nagpunta ng Houston, Texas, sa kasunod kong pagtitipon. Doon, nakatayo siya sa silid nung gabing 'yun na nagpakita ang Anghel ng Panginoon, at nahagip ng mga kamera ang litrato nung Anghel, na, ang litratong 'yun ay nakita n'yo na, mismo, rito.

<sup>10</sup> Tapos, dumating sa kanya ang isa sa dakila niyang pagpili. May anak siyang binatilyo na pilay, at 'yung binti ng anak niya

ay may pinsala. At pagkatapos si G. Wood, nung makabalik na ako. . . Humayo ako noon sa ibayong-dagat, at sa Sweden; kababalik lang. At nagtayo sila ng tolda sa dako roon, sa pagkakaalala ko, sa may Cleveland o . . . Cleveland, Ohio. At si G. Wood, siyanga't, nakahalal pa sa madla, nakasubaybay pa lang noon, gaya ng marami sa inyo ngayon, pero determinado siya na manatili hanggang sa matapos. Yun nga ang paraan, paraan para gawin ito. At isinantabi niya ang trabaho niya at dinala ang binatilyo niya sa Cleveland.

<sup>11</sup> Matapos ang ilang gabi, doon sa pagtitipon. Mangyari po, na di ko maalala masyado; pero nandun po 'yun sa teyp. Siya po'y nakaupo sa loob ng tolda, sa bandang likod, siya at ang asawa niyang babae. At bumaba ang Espiritu Santo at ang sabi, "Ang ginang na nakaupo sa likod kasama ang kanyang asawang lalaki, na isang kontratista," sabi, "ang babae ay may tumor. At ang anak niyang lalaki ay pilay. Pero, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Pinagaling na.'" Pinatayo 'yung munting binatilyo. Siya nga'y mainam, na kabataan, na tuwid na ang binti, mula sa mismong oras na 'yun, sadyang normal na gaya ng kung sino pang ibang binatilyo.

<sup>12</sup> Huminto sa pagkokontratista si G. Wood, sumasama-sama na siya sa akin. Heto nga, na ang anak niyang lalaki at ang anak kong lalaki ay mainam na magkaibigang, matalik. At siya nga'y normal at maigi ang lagay gaya ng kung sino pang ibang binatilyo, naghihintay nga't papasok sa pagkasundalo agad-agad. Kaya ang Panginooon ay mabuti, hindi po ba? Siya'y punung-puno ng awa. At napakaraming dakilang mga bagay ang Kanyang ipinamalas sa kalagitnaan natin!

<sup>13</sup> Ngayon, sa araw na ito, ngayon, mamayang gabi, sa tingin ko, yamang. . . Magpapasimula tayo nang medyo maaga. Ako'y kailangang pumunta ng Louisville, Kentucky, may iskedyul ako ng punta kinaumagahan, nang alas otso, at, kailangan kong magmaneho papunta roon, mamayang gabi, na mga walo- o sampung-oras na pagmamaneho. Kaya, makakarating din kami roon na abot sa oras ng iskedyul. Aalis po kami mula rito nang diretso, sa . . . sa Louisville, at magmamaneho ng kotse. At kaya sisikapin natin na pasimulan ang mga gawain nang medyo mas maaga, mamayang gabi. At ikalulugod namin ang pagdalo n'yo rito, nang mas maaga, kung magagawa n'yo. Ang sabi nila sa akin ay puwede na ako sa entablado nang. . .

<sup>14</sup> [Sinasabi ni Kapatid na Joseph Mattsson-Boze, "Ang mga card ay ipapamahagi nang alas sais."—Pat.] Ipapamahagi po raw ang mga card nang alas sais, sabi ni Kapatid na Joseph. At atin lang. . .

<sup>15</sup> Marahil ipapatawag ng kasundaluhan si Billy sa serbisyo nang malapit-lapit na, kaya si G. Wood po ang namimigay ng

prayer card, at sinasanay siya ni Billy. Sabi ko, “Kumusta ka naman diyan, G. Wood?”

<sup>16</sup> Sabi niya, “Naku!” Sabi niya, “Mabuti naman, pero,” sabi, “May pagkakataon na dalawa na lang ’yung card at anim na tao ang may gusto.” Sadyang . . . Sabi niya, “Anong ginagawa mo kapag ganun?”

Sabi ko, “Kung ano ’yung ginawa mo.” Sabi ko, “Buweno, siya’y . . .”

<sup>17</sup> At kagabi, siya po’y masaya, sabi niya, na makita ’yung mga tao na—na binigyan niya ng mga card, na tumayo sila sa entablado, at pinagaling sila ng Diyos at pinaigi ang kanilang kalagayan. At sobra-sobra ang kagalakan niya dahil dun!

<sup>18</sup> Ngayon, sa gabing ito, ipamimigay ang mga card nang alas saís, dahil sa palagay ko nasa entablado na ako ng sangkapat na oras bago mag-alas saís. Sa tingin ko nga’y ganoon. At nang sa gayon, makakapagpauwi tayo nang maaga-aga, dahil po sa mahaba’t, nakakapagod na pagmamaneho sa gabi.

<sup>19</sup> Kaya, salamat po, sa pagdalo n’yo, sa hapong ito. At gayong mahangin, at malamig ang hapon, ay nagpunta pa rin kayo. Ipinapakita lang n’yan na di kayo pumunta rito para makita lang. Nagpunta kayo para sa anumang mainam na bagay na makukuha n’yo mula sa pagtitipon, mula sa Diyos. At dalangin ko na Kanyang pagpapalain kayo, nang sagana.

Ngayon, para malinaw lang po, hindi po ibig sabihin na ang mga tao ay kailangan nandito na nang alas saís; ’yung mga may nais lang ng prayer card.

<sup>20</sup> At ngayon nawa’y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa lahat ng ating pagtitipon na magkakasama. At ako’y—ako’y umaasa na balang araw, loobin ng Panginoon, na ako’y makabalik uli sa hinaharap sa Chicago, at paglingkuran ang Panginoon.

Ang sabi ng Biblia rito:

*Kung mayroon sa gitna ninyo na espirituwal o isang propeta, Akong PANGINOON ay pakikilala sa kaniya sa mga pangitain, . . .*

Nawa’y idagdag ng Panginoon ang mga pagpapala Niya sa Kanyang Salita. Ngayon, puso-sa-puso lang na pangungusap. Ako po’y . . .

<sup>21</sup> Di pa ito alam ni Joseph. Pero hihilingin ko lang sa kanya na maaari niyang, kailan man niya gusto, na pahintuin ako sa pagsasalita, at baka may sasabihin siya na anuman. May panayam kami na parang ganito, kaninang umaga, sa radyo. Lahat po ba kayo’y nakapakinig dun sa programa? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

22 At—at kaya naman, ngayong—ngayong araw, naisip ko, na marahil kunin ang—ang damdamin ng mga tao, nang sa gayon makita n'yo, na ang pagkilos ay sobrenatural. At maglalahad ng puso-sa-puso na pangungusap sa isa't isa, sisikapin na kayo po'y makapasok mismo Rito, sa abot ng mararating ko. At di pa ako. . . Marami sa mga bagay na ito na narito sa puso ko na sasabihin, hindi ko pa nasasabi kailanman sa madla noon, sa buong buhay ko. Kaya nawa'y idagdag Niya ang Kanyang mga pagpapala sa bagay na sasabihin natin.

23 Ang unang bagay na nais natin ipangusap ay ito: *Ano Ang Isang Pangitain?* Ano kaya ito? Ang ilan, maraming mga tao. . .

Hindi ko sinasabi ito, gaya nga ng nasabi na ni Kapatid na Billy Graham, “Sasagutin ang aking mga kritiko.” Ako nga'y nagpapasalamat pa nga na may ilan akong mga kritiko. Halos ang lahat na mga. . .

24 Ang ilan sa kanila na di pa nakadadalo sa pagtitipon, sila marahil ay magsasabi, “Oh, buweno, wala namang mapapala riyan.” Pero kapag nasa pagtitipon na, sadyang nagiging klaro ito sa tuwina, kapag hinihipo na ni Jesus ang kanilang puso, at nakikita nila na ito pala'y—ito pala'y totoo.

25 Ang isa pong pangitain ay—ay isang. . . Marami ang nagtatanong sa akin, “Kapatid na Branham, totoong materyal po ba 'yung nakikita n'yo? O, 'yun ba'y sa isip lang? O, ano po ba talaga 'yun?” Hindi. Haya't materyal po talaga. Totoong-totoo po gaya ng kung ako'y titingin ngayon dito.

26 At ngayon, kung paano 'yun nangyayari, ito'y nangyayari sa pamamagitan ng dakilang biyaya ng Diyos. At mangyari nga na nung sanggol pa lang ako, nung ipinanganak ako, ang kuwento sa akin ng nanay ko'y may Liwanag daw na pumasok at pumailanlang sa ibabaw ng munting kama kung saan ako ipinanganak. At pagkatapos, mula sa panahon na nakakaalala na ako, ang mga bagay na 'yun ay nangyayari sa harapan ko.

27 Sadya, sadya ngang bigla na lang 'yung bumabantad. Mistula ngang bagay na walang paraan para maipaliwanag ko; pero, sa abot ng makakaya ko: sadya ngang pagpapakumbaba sa Espiritu Santo. At bigla na lang 'yung magsisimula, at hayun na 'yun sa harapan mo. May malay ka habang nakatayo ka rito, at sa kabila nun ay nandun ka sa buhay nung isang tao apatnapung taon ang nakararaan, nakikita mo mismo ang ginagawa nila. At pagkatapos, ang bagay lang na sinasabi ko, ay kung ano mismo 'yung nakikita ko.

28 At pagkatapos kapag bumabalik na ako sa sarili ko, alam ko na may bagay akong sinabi, pero maraming beses na di ko alam kung ano bang sinabi ko. At ang paraan para malaman ko, ay sa mga kalalakihan na ito, na nakaupo rito, sa mga teyp recorder, ipaparinig nila 'yung nairekord sa akin. At sa ganoon ko 'yun nakukuha. Kaya, talagang, hindi ako 'yun.

<sup>29</sup> At pagkatapos 'yun—'yun ay binibigay para sa isang—isang layunin. Ngayon, iniisip ko, at sinasabi ko ito mula sa puso ko, na ang pinaka dakila at pinaka mataas na anyo na mayroon ay ang ibigay ng Diyos ang Kanyang Mensahe sa Kanyang bayan, na ang mga tao'y manampalataya sa Kanyang Salita. Ganoon nga. Yun ang pinaka mataas na anyo. Ang pangangaral ng Ebanghelyo ang pinaka mataas na anyo. Mangyari nga, kung mapapansin n'yo, ganoon ang pagkakalagay nito ng Biblia. "Una'y mga apostol, pangalawa'y propeta," at iba pa, tapos kasunod ang iba, kasunod ang iba, tapos tutugaygay sa siyam na espirituwal na kaloob na kumikilos sa loob ng bawat lokal na katawan.

<sup>30</sup> Ngayon, ang mga gawain ko sa Amerika ay di ganoong kagaganda na dapat sana, dito sa Amerika. Ang mga gawain ko ay mas may bisa, para sa Panginoon, sa ibayong-dagat. Mas may suporta sila. Ngayon, di ko alam kung bakit. Ngayon, di po kayo ang pinatutungkulan ko. Hindi. Ang pinatutungkulan ko ay ang pangunahing publiko, kita n'yo, sa lahat ng dako, gaya ng Chicago, sa kabuoan, halimbawa; o—o, Durban, Timog Aprika, sa kabuoan, kita n'yo, parang ganun; o, Mexico City, sa kabuoan. Buweno, mas may pagtugon sila roon, walumpung porsiyentong mas higit kaysa sa mga narito sa Amerika.

<sup>31</sup> Ngayon, ang bagay na pinaka mainam ang tugon ng mga Amerikano, pagdating sa mga gawain ng pagpapagaling, sa opinyon ko, ay, buweno, 'yung kay Kapatid na Oral Roberts. Ngayon, si Kapatid na Oral Roberts po ay isang may dating na tagapagsalita, isang tunay na mangangaral, at isang mabuti't may takot sa Diyos na kapatid, ang ating kapatid, na si Oral Roberts; at isang matalik kong kaibigan, isang kalugud-lugod na kapatid. At may higit, at malalim akong paggalang para kay Kapatid na Roberts. At ang Panginoon ay kasama niya at pinagpapala siya, nang lubos-lubos, at ang mga pagtitipon niya dito sa Amerika. Siya . . .

<sup>32</sup> Marahil kung dadalaw kami sa isang siyudad, at siya'y magtatakda ng kanyang pagtitipon, at ako'y magtatakda ng akin namang pagtitipon. Kumbaga sa niyebe ay apaw-apaw ang kanyang mga tagadalo kumpara sa akin, nang maraming beses, kahit kaunti lang ang pag-aanunsyo, dahil ang kanyang pagmi-ministryo'y may higit na dating sa Amerika, dahil siya po'y isang—isang—isang maimpluwensiyang tagapagsalita. Siya po'y . . . At siya nga'y may—may pamamaraan. Matalino siya at edukado, at alam ang Biblia. At nagagawa niyang ipresenta ito sa paraan na ang mga edukadong tao ay makikinig dun, dahil naroon 'yun sa antas na sila'y—sila'y namumuhay.

<sup>33</sup> Pero ito ngang sa atin, nung pumunta kami ng Aprika, buweno, hindi po maikukumpara, siyanga. Kita n'yo? At ang mga tao na di-edukado, at iba pa, sila'y nakatingin sa bagay na sobrenatural, dahil wala sila nito, ng edukasyon at ng . . . di sila nakapag-aral gaya ng mga tao rito. Kaya naman ang . . . Isa

ngang bagay ito na ipinagkaloob ng Diyos, para maakay ang mga tao.

<sup>34</sup> Ngayon hindi ko ibig sabihin na . . . Mangyaring maraming mga edukado, matatalino, matatalas ang pag-iisip, ang iba pa nga'y pinaka matataas, may mga hari, mga makapangyarihan, mga monarka, na tunay, na kanilang sinasampalatayanan ito at tinatanggap ito.

<sup>35</sup> Pero sa pangkalahatan, sa ating mga kaiglesyahan dito sa Amerika, matagal-tagal na rin mula noong nagkaroon tayo ng isang rebaybal, dun po sa kapanahunan ni Wesley. Namatay na ang matandang mga henerasyon. Noong, ang mga tagsasunod ni Wesley ay dati-rati'y sinisipa palabas at binabansagan na "mga holy-roller" at "mga jerker," dahil tinatagtag nila ang ulo nila, at—at mahihiga sa may . . . sa may entablado at kahit saan na lang, sa mga pasilyo. Binubuhusan nila sila ng tubig at pinapaypayan sila, kapag lumulukob sa kanila ang Espiritu Santo. Ngayon, ang panahon na 'yan ay pumaram na't, matagal nang panahon.

<sup>36</sup> Naglumagi tayo sa, oh, masyadong pagka-Orthodox. Kaya 'yan ang rason kung bakit di nila magawa. Itinuro ang mga tao sa panahon ngayon, buweno, sa isang—isang tagapagsalita na may kakayahang magpresenta sa isang—isang dalubhasang paraan. Buweno, ayos lang naman 'yan. Mabuti't mainam 'yan. At basta't tinanggap n'yo si Cristo, 'yan ang—'yan ang bagay na mahalaga, basta't tanggap n'yo si Cristo.

<sup>37</sup> Ngayon, napansin natin ang ating Kapatid na Roberts. Inyo na pong napakinggan ang kanyang programa kaninang umaga, marahil. At nabasa ko ang mga artikulo sa diyaryo, at may personal akong kaalaman dito. Dun sa kung paanong . . . At dun sa Australia, grabe po, ang mga tao'y nanunuya, tinatawag siyang "peke" at lahat na, at ipinapalabas nila na ganun daw siya. Haya't, marahil ang . . . uri na ito ng pagmiministeryo'y patatahimikin ang ganoong panlilibak, ora mismo. Kita n'yo? Kita n'yo? Maaaring iba siguro ang kalalabasan. At, mangyari pong, si Kapatid na Roberts, sa kabila nun, binigyan siya ng Diyos ng isang pamamaraan para makakilos sa mga tao na di ko maabot. At marahil ako naman ay kumikilos sa mga tao na di naman niya maabot. Pero, kapwa, kami'y magkapatid na nagsisikap na gumawa ng magagawa namin para sa Kaharian ng Diyos. Kita n'yo?

<sup>38</sup> At ang mga pangitain ay sadyang bahagi ng Ebanghelyo na ipinapangaral. Ngayon, kita n'yo, kung edukado lang po ako marahil at may magandang boses, at iba pa, at magagawa kong ipresenta ang Ebanghelyo, gaya nun, marahil ako'y magiging ganoong—ganoong uri ng mangangaral. Pero, yamang alam ng Diyos na di ako magiging edukado, Siya'y nagkaloob sa akin ng

ibang bagay para makakilos, kita n'yo. At ganoon ang ginawa Niya, ang tanging bagay na nalalaman ko.

<sup>39</sup> Ngayon, marahil nagtataka kayo at iniisip kung ano kaya ang nagaganap sa etablado. Kapag may—may—may pasyente o . . . Sige't iibahin ko lang ang termino. Masyadong medikal ang termino. Sabihin ko na lang, na kung may isang kaibigan na nakatayo sa harap ko, na nagnanais ng tulong, ganito po ang nangyayari. Wala po akong anumang ginagawa roon, wala po. Ang pasyente po mismo ang nagpapairal sa Makalangit na kaloob. Wala po akong ginagawang, anuman. Nagpapasakop lang ako, nagpapasakop, hanggang sa ang espiritu nila't ang Espiritu na lumulukob sa akin, na pinasasakupan ko, hanggang sa ang Espiritu Santo . . .

<sup>40</sup> Tatawagin ko lang po itong ganito, ipapaliwanag ko lang sa ganitong paraan, ang ibig kong sabihin, para maunawaan n'yo. Heto ang Espiritu Santo sa itaas *dito*, at pagkatapos ako nga'y magpapasakop at magpapasakop sa Kanya, hanggang sa alam kong nandito na Siya—nandito na Siya. At makikipag-usap ako sa tao na 'yun hanggang sa makuha ko ang kanilang atensyon. Sa puntong 'yun, wala pa akong nalalaman na kahit ano. Tapos ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng pagpapasakop ko ng aking espiritu, haya't ipakikita sa akin ang buhay nung tao. At kapag nangyari na 'yun, pinatitibay nun ang pananampalataya ng pasyente, hanggang sa makarating sa antas na gaya nito.

<sup>41</sup> At maraming beses, siyanga, na bigla na lang akong may masasabi na ibang bagay, at pahihintuin ako Nito at sasabihin, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Ngayon pansinin n'yo. Ganap na ganap 'yun, sa bawat pagkakataon. Hinding-hindi Ito nabibigo. Sasabihin at sasabihin sa kanila kung ano ang napipintong mangyari. At magiging ganoon. Tandaan n'yo po 'yan, at tingnan n'yo kung hindi ba't ganun talaga sa paraan na 'yun.

Ngayon, 'yun po'y, ang pasyente ang gumagawa nun.

<sup>42</sup> Ngayon siguro'y ihahalintulad ko lang sa munti't simpleng paglalarawan na ito, para maunawaan n'yo. Sabihin na lang natin, na may, may malaking . . . Kunwari'y mumunting mga batang lalaki at batang babae tayong lahat, at naroon daw tayo sa may . . . bumalik daw tayo sa pagkabata. At may malaki't mataas na bakod daw dun. May karnabal sa loob. At mangyari po na ako'y—ako'y—ako'y mas matangkad daw sa inyo. Marahil mas malakas kayo sa akin, pero mas matangkad daw ako. Kita n'yo? Ginawa ng Diyos ang mga tao na iba-iba para sa iba-ibang gawain. Buweno, hayan nga, sa taas na ito *rito*, sa taas na ako nga'y makakasilip, may butas sa pader. Buweno, ngayon, abot ko nga'yung ibabaw nung bakod, dahil ang abot ko ay mas mahaba, at nakakatingkayad, ang mga daliri ko sa kamay ay nakakapit sa ibabaw ng bakod, at nakakasilip ako sa butas na 'yun. Babalik



nga ako't sasabihin sa inyo ang nakita ko roon. Nakukuha n'yo na ba ngayon? Nasusundan n'yo ba ako?

Ngayon, ngayon, marahil 'yung isa pang bata roon, ay mas malakas siya, pero di niya kayang sumilip nang ganung kataas. Kaya sasabihin niya, "Kapatid na Branham, anong nakikita mo?"

<sup>43</sup> Sasabihin ko, "Sige't sandali lang." Haya't titingkayad ako, nang mataas, at kakapit ako dun sa pinaka ibabaw nung pader, at iaangat ko ang sarili ko't, buong bigat. Tapos sasabihin ko, "May nakikita akong—akong—akong elepante." Tapos bababa ako. Kita n'yo? Nakakaubos-lakas, dahil umaangat ako. Akin lang pong sinasabi ito sa inyo ng patalinghaga para siguradong mauunawaan n'yo.

Ngayon, sa pagbaba ko, "Anong nakita mo?"

"Isang elepante." Kita n'yo? Buweno.

<sup>44</sup> Ngayon, kagaya po 'yun sa isang taong nakatayo sa may entablado, na pinakikilos ang Malakangit na kaloob, 'yun po'y nakakaubos-lakas, dahil 'yung tao mismo'y gumagamit ng kaloob na 'yun. Wala silang kamalay-malay dun, pero sila ang nagpapairal, mismo.

<sup>45</sup> Ngayon, nabanggit sa'kin kagabi na may lalaking nakatayo sa entablado. Nabanggit sa akin ni Kapatid na Joseph, matapos na magkita kami, na ang lalaki'y. . .Ako. . .Una, nung ang lalaki'y sumampa roon, at naisip ko na siya'y bingi at pipi. Sabi ko, "Kumusta po kayo, ginoo?" Para pong ganun. Marahil iba 'yung pagkakasabi ko. Sinasabi ko lang 'yung nabanggit nila sa akin. Hindi ko pa napapakinggan 'yun sa teyp. At nabanggit nga na 'yung lalaki'y nakatayo lang dun. Sabi ko, "Buweno, ang lalaki siguro'y bingi at pipi."

<sup>46</sup> At ngayon masdan n'yo ang kataas-taasang biyaya. Kita n'yo? Katulad po nung baliw sa ibabaw ng entablado. Katulad nung mangkukulam sa Aprika, na tumayo dun noon na may hawak na mga buto sa kanyang mga daliri, para hamunin ka, kita n'yo. Umiiral ang biyaya sa mga sandaling 'yun. Di n'yo kailangang mag-alinlangan. Huwag. Walang dapat pag-alinlanganan. Umiiral ang biyaya. Nagpapairal ang Diyos sa situwasyon na di kayo makairal. At mangyari nga na 'yung lalaking 'yun ay nakatayo roon. Bago. . .Sabi ko—sabi ko, "Buweno, marahil ang lalaking ito'y bingi at pipi." At bigla na lang, may lumitaw na pangitain sa harapan ko. Tapos. . .

<sup>47</sup> [Tumutunog na alarm ng relo ni Kapatid na Branham—Pat.] Ngayon, pasensya na po sa alarm nung relo. Para po 'yan sa. . . pagpanhik na rito at mag-umpisa na. Para, alam ko na nakukuha n'yo na ito. Ako po'y binigyan ng relo roon, na umaalarm. Pero, marahil di naman ibig sabihin n'yan ay pinahihinto na ako, sana. Kaya para sa. . .Marinig ko ito; huwag po kayong mag-alala.

48 Kaya, ang nangyari, habang nakatayo ang lalaki roon. Sa pangitain, bigla-bigla na lang, marahil, nakita ko ang Finland o kung ano. Di ko maalala. Pero ngayon, kung anuman 'yun, ang ikinuwento sa aki'y ang sinabi ko raw ay taga-Finland ang lalaki. At mali pala 'yung akala sa kanya, parang ganoon, siya naman pala'y isang taga-Finland. Buweno, si Joseph po rito, ang sabi niya'y puwede niyang . . . Kahanga-hanga po 'yung ipinakita dun sa lalaki, kung papaanong natalos Nito ang nasyonalidad nung lalaki. Ang Diyos nga sa Kanyang biyaya'y ipinakita 'yan.

[Nakikipag-usap si Kapatid na Joseph Mattsson-Boze kay Kapatid na Branham patungkol sa kapatid na lalaking taga-Finland na pinagaling—Pat.]

49 Iniisip ko lang kung baka ang lalaking 'yun ay narito sa gusali ngayon, at kung may kasamahan siya na nakaupo sa tabi niya, na maaari sigurong . . . kung nakakapagsalita sila ng wikang Finnish, ay—ay kukumpirmahin . . . Kung tama po, maaari n'yo po bang itaas ang kamay n'yo? kung ang lalaki po ba'y nandito sa gusali, ngayon, ang lalaking taga-Finland na narito kagabi, na pinag-uusapan natin, na narito kagabi sa entablado. Gusto—gusto ko lang pong . . .

50 [Patuloy na nakikipag-usap si Kapatid na Joseph Mattsson-Boze kay Kapatid na Branham tungkol sa kapatid na lalaking taga-Finland na pinagaling—Pat.] Buweno, siguro, sa palagay ko siya'y nakauwi na, marahil, sa bahay niya.

51 Ngayon, ngayon, nung narito pa noon si Jesus sa lupa, at ang . . . Siya ang pinahirang Bibig ng Diyos. Naniniwala ba kayo rian? Siya ang—ang tanging bugtong na Anak ng Diyos. At ang Diyos ay nakay Cristo, ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili, nang walang sukat. Naniniwala ba kayo rian, mga nag-aaral ng Biblia? Siya ang Emmanuel. Wala po ni isa sa atin ang makakaabot sa antas na 'yun. Wala. Wala. Siya ang banal na ipinanganak-ng-birheng Anak na lalaki ng Diyos, at di tayo kailan magiging ganun. Di natin kailanman magagawa ang mga bagay, na gaya nun, dahil Siya Yun.

52 Pero ngayon ipinangako Niya na ang mga bagay na ginawa Niya ay gagawin din naman natin, dahil tayo'y magiging mga kinupkop na mga anak sa Diyos, sa pamamagitan Niya. Tama po ba? Ngayon, di po 'yan . . . Mangyari pong bawat isa sa atin 'yan. Bawat mananampalataya na naging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Tama po ba?

53 Ngayon, nung ang babaing may pag-agas ng dugo'y humipo sa Kanyang damit, 'yun po'y katulad nung pagsilip sa butas. Kita n'yo? Naramdaman Niya na may bisang kumawala mula sa Kanya. Siya po'y—Siya po'y nanghina, pero di Niya alam kung anong nangyari. May humipo sa Kanya, sa pamamagitan ng isang—isang pananampalataya. At tinanong Niya kung sino,

at bawat isa roo'y mariing tumanggi. Kaya ang nangyari nung itanong Niya 'yun, haya't, tumingin Siya sa paligid hanggang sa makita Niya. Ngayon, may . . .

<sup>54</sup> Papaano Niya nalaman 'yung babae? Yan ang katanungan na gusto kong makarating sa inyo. Papaano Niya nakilala na ang babae nga 'yun? Ngayon hayaan n'yong subukan ko, gamit ang. . . bilang isang kapatid, na ipaliwanag ito, kung papaano Niya nakilala ang babae.

<sup>55</sup> Dahil, sinuman na magpangyari nang ganoon, nasasabi ko mula sa mga pagtitipon dito, mula sa pagkilos ng Espiritu Santo. Kapag may napagpapala, mistula ngang may bagay na humahatak sa iyo, nang *paganoon*, kita n'yo, at bumabaling ka sa tao na 'yun. At pagkatapos, sa ibabaw lang nung tao na 'yun, makikita mo mismo sila at kung anong nangyari sa kanila, at kung ano bang suliranin sa kanila. At pagkatapos titingin ka, at makikita mo na 'yun mismo ang taong 'yun, at sadya ngang para 'yung isang—isang avenida o isang lagusan na kumikilos sa pagitan mo at nung taong 'yun.

<sup>56</sup> Ganoon po ang tingin ko. Hindi Niya 'yun ipinaliwanag. Ganoon po ang tingin ko kung paano Niya nalaman. Dahil, kumikilos ang Espiritu Santo sa ganoon ding paraan, diyan natin ito maiintindihan.

<sup>57</sup> Halimbawa, kung minsan sasabihin mo, “Ang binibini na nakaupo riyan, na nakasuot ng berdeng sumbrero,” o parang ganun, “pinahihirapan ka ng *ganito-at-ganoon*. Ikaw ay galing sa *ganitong* lugar.” Pinakikinggan mo 'yun. Kita n'yo? Nandun ka sa pangitain, pinapanood mo ang nangyayari. At marahil makikita mo siya na nanunumbalik ang lakas, at may liwanag sa palibot niya, at lahat. Haya't, pagkatapos sasabihin mo, “Buweno, siya'y pinagaling na. Haya't GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kita n'yo? Ang Panginooon Na nagpapakita ng pangitain, mangyaring ang pananampalataya n'yo sa Kanya, ay ginagamit ako bilang isang bibig para sabihin sa inyo kung ano ang minimithi n'yo sa Kanya na sabihin sa inyo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon, pero kung 'yung kabila namang . . . Ngayon, 'yan po ang nagpapahintulot na paraan ng Diyos, na kumikilos.

<sup>58</sup> Sasabihin ko po ito nang may pagpipitagan. Ang oras ay napipinto na, kapag ako . . . pagkatapos kong sabihin sa inyo kung ano ang pangitain na ipinakita sa akin ng Panginooon, na ito sa wakas ay sasantabi, magbibigay-daan para sa isang bagay na higit pa roon. At 'yan ang nais kong dakuan, sa hapon na ito.

<sup>59</sup> Ngayon, ang tatalima dun, ay—ay, kung sasampalataya sila rito, sila'y mapagpapala at gagaling sila. Ngayon, hindi 'yun sa sila kasi'y pinagaling; bagkus 'yung pananampalataya nila'y humipo sa Diyos at tinanggap ang kanilang kagalingan na dati nang inilaan para sa kanila, labing-siyam na daang taon na ang

nakararaan. Kita n'yo? Hindi nga 'yun dahil sa may kinalaman ako sa kanilang paggaling. Ako po'y isang bibig lamang, para makapangusap.

<sup>60</sup> Papaano 'yun lumilinya sa Biblia? Hindi natin . . . Hindi ko ikinukumpara ang sarili ko sa isang propeta. Hindi, po. Hindi. Isa lang po akong abang makasalanan na sa pamamagitan ng biyaya'y iniligtas. Pero ang kaloob na ibinigay ng Panginoon sa mga propeta, ang nagpapaging propeta sa kanila, haya't sila'y bibig ng Diyos. Kamit nila ang Salita ng Panginoon. At walang propeta na gumawa ng anumang bagay na sa sarili niya lang na pagnanais. Kanyang ginawa 'yun, una, pagkatapos na sabihin sa kanya ng Diyos. Ganoon po.

<sup>61</sup> At ganoon ang pamamaraan ng Anak ng Diyos, nung Siya noo'y dumating, na Diyos ng propeta. Sabi Niya, "Ginagawa Ko lamang ang ipakita sa Akin ng Ama na gawin." Siyanga. Dumarating lamang ito sa pamamagitan ng Makalangit na mga kapangyarihan, para ihayag sa pamamagitan ng laman. At si Cristo ang bibig ng Diyos sa lupa. Ang lahat ba'y nauunawaan 'yan?

<sup>62</sup> Ngayon, mangyari nga, na kung minsan, nasa tahanan ako. Sina Gene, Leo at sila na binabanggit ko kagabi, nakaupo rito, sina Kapatid na Beeler at marami sa iba pa sa kanila, at sila na mga kakilala ako. At sa bahay, maglalakad ako sa bahay, na di ko naman iniisip. Marahil nakaupo lang sa isang silid, at may bigla na lang darating na isang pangitain. At marahil lalagi 'yun nang ganap na tahimik nang ilang sandali. At sasabihin nun . . .

<sup>63</sup> Sasabihin Niya, "Ngayon, makakatanggap ka ng tawag maya-maya, sa telepono, at pupunta ka sa *ganitong* siyudad. At pagdating mo sa siyudad na ito, pupunta ka sa *ganitong* lugar. *Ganito* ang daan. At papasok ka dun sa silid at ilalapag mo ang sumbrero mo. O, ilalapag ng ginang ang iyong sumbrero sa may kama, pero di dapat doon nakapatong 'yun. Sa may mesa dapat nakapatong, at may isa pang ginang na manggagaling sa *ganitong* direksyon."

<sup>64</sup> Makikita n'yo nga na mangyayari't mangyayari 'yun nang eksakto sa kung papaano dapat 'yun mangyari. At kung di ako makasunod sa isa man sa mga bagay na 'yun, di 'yun mangyayari. Kailangan eksaktong-eksakto mismo sa sandali at sa oras, at lahat na ang posisyon ay saktong-sakto, dahil isa 'yung pangitain. Kailangan na ito'y—ito'y ganap na matupad. At kapag ganoon, mangyayari't mangyayari 'yun. Hindi 'yun kailanman pumalya. Ngayon, diyan sa mga ganyan pinaiiral ng Diyos ang Kanyang kaloob. Hindi ako napanghihinaan dun. Hindi 'yun nakakaabala sa akin.

<sup>65</sup> Ngayon, nung ibangon ni Jesus si Lazaro mula sa libingan, 'yun po'y higit mismong isang himala kumpara dun sa babaing humipo sa Kanyang damit at gumaling mula sa pag-agas ng

dugo. Sumasang-ayon ba kayo? Wala Siyang nabanggit ni isang salita na Siya'y nanghina, at may bisa man na lumabas mula sa Kanya, dahil ginamit ng Diyos dun ang Kanyang kaloob. Kita n'yo? Sa ganoong uri 'yun ng pangitain. Sa ganoong uri 'yun ng pangitain.

<sup>66</sup> Pero kapag ang mga tao ang gagamit sa kaloob ng Diyos, haya't 'yun ang nagpapanghina sa akin, sa entablado, dahil kayo mismo 'yun. Yun ang nagpapabunsod dun. Kayo mismo ang gumagawa dun sa gawa, sa pagkilos, 'yan po ang dahilan kung bakit humahatak 'yun mula roon. Ito nga'y maaaring kayo ang gumagamit sa kaloob ng Diyos, o ang Diyos ang gumagamit sa Kanyang kaloob.

Ngayon, bilang pagkukumpara, sasabihin ko. . . Kung ako po'y tatanungin n'yo, "Ano bang mayroon dun?"

"Buweno, isang giraffe."

"Ano pang nakita mo? Ano pang. . .?" Mapapagod ka, kita n'yo, dahil sa iba pa na nakikita mo.

<sup>67</sup> Pero ngayon nais ng Diyos na malaman mo kung ano ang nangyayari mismo, Kanyang kakargahin ka at iaangat sa ibabaw nung buong bagay na 'yun, at magsasabi, "Heto ang buong tanawin. Kita n'yo? Ito ang buong larawan. Gagawin mo 'yung *ganito*, at gagawin 'yung *ganito*, at gagawin 'yung *ganito*, at *ganoon*." Tapos ibabalik ka sa lapag. Itinaas ka Niya, gamit ang Kanyang di nagmamaliw na mga bisig at pakpak. At wala ngang bagay sa mundo. . . Pagbalik mo sa ibaba, pakiramdam mo nga'y gusto mong sumigaw sa katagumpayan. Pero ganoon 'yun.

<sup>68</sup> Ngayon, karamihan sa mga tao, iniisip nila na kung may tao na nakakakita ng mga pangitain ay Diyos na. Hindi, po, hindi po ganun 'yun. Hindi, po. Walang ibang Diyos kundi ang Diyos lang. Siyanga. At wala ni isa. . . Wala tayong pagkakaiba sa isa't isa. Lahat po tayo'y makasalanan, na iniligtas sa pamamagitan ng biyaya. At walang mas nakakaangat sa isa pa. Mayroon lang, na ang isa'y pinagkalooban ng isang bagay, at siya'y magsusulit para sa bagay na ginawa niya sa talentong ibinigay sa kanya. Siyanga. Bawat tao ay talagang mananagot para dun.

<sup>69</sup> Ngayon, marahil ay ikukuwento ko sa inyo ang isang pangitain na kapampangyari pa lang. At para. . . Sinabi sa akin ni Kapatid na Joseph na gawin ito, para sa mga narito sa loob ng gusali na di makakuha ng—ng kopya ng magasin na ito, na maunawaan nila ito. Ang ginagawa ko. . . Sa pasimula na ako'y naging isang—isang lingkod ng Panginoon, na nanalangin para sa Kanyang mga anak na may sakit, alam n'yo po ang kuwento, kung papaanong sinabi Niya sa akin na ako'y ipinanganak para manalangin sa mga taong may sakit.

<sup>70</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, "Oh, narinig ko na 'yan maraming beses na, kung saan-saan, iba-ibang tao." Ayos lang 'yan. Kita n'yo? Na, sila, di ako—di ako makakapagsulit para sa ibang tao.

Ang ipagsusulit ko ay sarili ko, at kayo man ay ipagsusulit n'yo ang sarili n'yo. Ngayon totoo po 'yan.

<sup>71</sup> At pagkatapos nung sabihin Niya 'yun sa akin, alam ko na may mga bagay, sa pagmi-ministeryo na ito, napakarami pong bagay ang dapat ikonsidera; pera, isa na 'yan. Buweno, ako'y nangako sa Diyos, na hindi ako mangungulimbat ng pera ng tao. At dumulog ako sa Kanya. . . Ayaw ko po ng pera ng tao, pero alam ko, na sa kabila nun, maraming pera ang ibibigay sa akin, at kailangan kong tanggihan 'yun. Kaya, ang dulog ko sa Kanya, hangga't pinagpapala Niya ang lakad ko, para di ako manghilingi ng pera, haya't mananatili ako sa pagmimisyon hangga't pinagpapala Niya ako. Pero sa panahon na dumako na Siya sa hindi na Niya ako sinusupportahan, na dumating na sa punto na manghilingi na kami, o gugugol ng ilang oras, o ano man 'yun na ginagawa ng iba para makalikom ng kaloob na pera, gaya ng nakikita ko nang maraming beses sa sarili kong denominasyong iglesya na kinabibilangan ko dati, kung ganoon ang sabi ko'y ako'y—ako'y liliban na sa pagmimisyon. Ako po'y pinagpala Niya nang siyam na taon. Pero sa California ito'y. . .

<sup>72</sup> Ang pagmi-ministeryo ko, mistula nga, na nagsisimula na itong bumaba, tila ba. Bumaba ang bilang ng nagpapadala ng sulat. Mukha ngang di na interesado ang mga tao. “Buweno,” sa isip-isip ko, “Diyos, nasa Inyo pong kamay ang lahat ng ito.” Dati, libo-libong mga sulat ang natatanggap ko sa isang araw, o parang ganun, at bumaba na, naging anim na raan na lang, tapos limang daan, tapos bumaba po sa apat na raan, tatlong daan, sandaan, naging pitumpu't lima, pa nga. Ganung kababa ang ibinaba, sa isang araw, pitumpu't limang liham sa isang araw, marahil.

<sup>73</sup> Buweno, sa isip-isip ko, “Buweno, ano kayang nangyari? Di ko alam kung may nagawa ba akong kung ano. Kung mayroon nga—nga ako, sa mga tao, naku, ako—ako'y—ako'y humihingi ng paumanhin.” Hayan nga't, sa isip ko, “Buweno, wala naman akong. . . Di naman ako nagbebenta ng mga bagay-bagay. At ang tanging bagay kung bakit sumusulat sa akin ang mga tao ay para makakuha sila ng mga panalanging tela. At di nga namin ibinebenta ang mga 'yun. Ipinamimigay lang namin. Kaya, buweno, Panginoon, marahil inihahanda Mo lang na baguhin ang mga bagay-bagay.”

<sup>74</sup> Nagpunta ako sa California, umabot ng mga nasa—ng mga nasa labinlimang libong dolyar ang utang, sa isang pagtitipon. At nung gabi na 'yun, nung umalis na ako, sinabi ko kay Billy na balitaan niya ako. At ang mga kalugud-lugod na mga tao na tumataguyod nun, di nila nagarantiya nang lubos ang gastos, at ayos lang, oo't ayos lang naman 'yun. Pero di naman 'yun ang pangako. Ipinangako ko sa Diyos ang gagawin ko.

75 At nung dalhin na ako ng isang kalugud-lugod na kapatid na lalaki sa tinutuluyan ko nung gabing 'yun, sa isang kuwarto kung saan ako tumutuloy, nagpunta ako sa bundok, na mag-isa, nang mga alas dos ng umaga. At paalis na kami nun nang mga alas kuwatro y media. At nanalangin ako, at nagliliwanag ang buwan, nang maliwanag. Kitang-kita ko 'yun. Nung nakaraang taglagas po ito. Sabi ko, "Makalangit na Ama, ngayon ako—ako po'y aalis na sa pagmimisyon. Uuwi na po ako. At anuman po ang ninanais Mo na aking gawin mula ngayon, Iyo po lamang ihayag ito sa akin."

76 At di ko 'yun sinabi kay Billy at sa kanila. Ayaw kong sabihin sa kanila, ayaw kong sabihin sa maybahay ko. Pero, "Oh," sabi ko, "Sasabihin ko sa kanila kapag nasa Arizona na ako." Buweno, pagkatapos sabi ko, "Siguro'y hintayin ko na lang na makapunta ako sa maringal na estado ng Texas, kung saan nanggaling ang nanay ko." Sabi ko, "Doon ko sasabihin sa kanila." At pagkatapos nakapunta na ako. Sinabi ko sa kanila nung papunta na ako sa Jeffersonville, Indiana.

Buweno, si Billy, sabi niya, "Daddy, mag-ingat ka sa gagawin mo." Sabi, "Hindi ba't sinabi ng Biblia, 'Sa aba ko kung hindi ko ipangangaral ang Ebanghelyo?'"

77 Sabi ko, "Hindi naman ang pangangaral ng Ebanghelyo ang tinutukoy ko. Ang ibig kong sabihin ay ang gawaing pang-ebangheliko." Tapos sabi ko, "Tingnan mo, Billy," sabi ko, "Ang Diyos ay may mga tao na sa pagmimisyon, sa lahat ng dako. Hindi Niya ako kailangan dun. Puwede akong bumalik sa trabaho ko uli, at—at magpapastor, at pagpapasturan ang tabernakulo, o kung ano. Puwede rin ako marahil na magpunta dun, rentahan ang lumang teatro sa dako roon, magdaos ng Linggo ng hapon na pang-internasyunal na pagtitipon, at isang pagsasahimpapawid o kung ano." Sabi ko, "Hindi naman ako puwedeng huminto, basta-basta, dahil ang gastos ko ay nasa sandaang dolyar kada araw, sa bahay. Kaya, hindi ko—hindi ko puwedeng gawin, hayan ang aking tanggapang-silid at mga bagay-bagay." Sabi ko, "Hindi naman ako puwedeng magsara na lang, dahil di ko puwedeng gawin 'yun."

At kaya ang sabi ng maybahay ko, "Billy, umaasa ako na alam mo ang sinasabi mo."

Sabi ko, "Buweno, ngayon, isang bagay ang aking—aking nalalaman."

78 Nung magpunta ako isang beses dito sa isang kombensyon, para sa isang kombensyon, at alam n'yo na ang kuwento, dahil naipangako ko sa kalugud-lugod na munting Swede na kapatid ko rito, si Kapatid na Boze, na magpupunta ako't mangangaral nang dalawang araw para sa kanya, sa Philadelphian Church, pagkatapos ng kombensyon. At nabanggit sa akin, na kung di ko gagawin; kung gagawin ko 'yun, hindi na ako ang magiging

tagapagsalita. Dapat akong pumili. Sabi ko, “Tutuparin ko ang sinabi ko.” At kaya nagpunta ako kay Kapatid na Joseph. Mismo. Dahil, gagawin ko ’yun uli. Ang isang tao kasi na di tumutupad sa kanyang salita ay hindi mabuti.

<sup>79</sup> Sa ganoong paraan ko pinanghahawakan ang Diyos. Kanya pong ibibigay ang Salita, at sasampalatayanan ko ang bawat Salita Nito. At kung di Niya tutuparin Ito, hindi Ito Diyos, sa pananaw ko. Ako’y . . . Marapat lamang na Kanyang tutuparin ang Kanyang Salita, naniniwala ako. At gagawin Niya, at alam ko na gagawin Niya. Ngayon, pagkatapos ako . . .

<sup>80</sup> Nung gabing ’yun, nagpunta na ako sa highaan ko nung makauwi na ako. Umiiyak ang maybahay ko. Sabi niya, “Billy, natatakot ako na baka nagkakamali ka sa gagawin mo.” Sabi, “Alam mo na gusto ko naman na nasa bahay ka kasama ang mga bata at ako. Pero,” sabi, “Bill, tingnan mo naman ang naging epekto nito. Lumaganap na sa pagiging pangbuong mundong rebaybal, at di ko makita kung papaanong ilalagay ka roon ng Diyos, at pagkatapos ay aalisin.”

At sabi ko, “Buweno, nangako ako sa Kanya. Sabi Niya . . .”

“Pero—pero—pero hindi Siya ang nagsabi sa’yo.”

<sup>81</sup> Sabi ko, “Pero, nangako ako sa Kanya. Kita n’yo? Ganoon nga. Nangako ako sa Kanya. Tutuparin ko ang sinabi ko sa Kanya. Kung tinutupad ko ang salita ko sa aking kapatiran, tunay na tutuparin ko ang salita ko sa aking Tagapagligtas.” Kaya pumasok na ako sa silid at natulog nang mahimbing buong gabi.

<sup>82</sup> Nung sumunod na umaga, mga alas sais, nagising na kami. At—at kababangon ko lang noon sa kama. Ang maybahay ko ay nasa tabi. Pinupunasan ko ang mukha ko, nang *paganito*. Sabi ko, “Buweno, tatawagan ko ang Public Service Company ngayong araw, at tatanungin ko kung puwede akong makabalik sa dati kong trabaho.” Tapos sabi ko, “Kung di nila ibigay sa akin ang trabaho, si G. Wood ay isang kontratista, sasama-sama ako sa kanya. At siya’t ako ay dadayo at gigiba kami ng ilang mga gusali, o kung ano. At kailangan kong maghanap ng trabaho, dahil kailangan kong makapagtrabaho. At heto nga, ’yung kulang na pera na ’yun ay kailangang matugunan, at labinlimang dolyar nga ang utang ko.” Sabi ko, “Mangyari nga na ano pang magagawa ko? Kailangan kong bayaran ’yun, kahit na gaano pang kalaki nung kulang na iginarantiya nila sa gastos, babayaran ko—babayaran ko ’yun. Siyanga.”

At kaya ang sabi ng maybahay ko, “Tatawagan mo ba si G.—G. Bar, ngayong umaga?”

<sup>83</sup> Sabi ko, “Oo. Tatawagan ko siya at tatanungin ko sa kanya kung puwede ba akong makabalik sa trabaho. At kung kanya namang . . . Kung ’yung trabaho na ’yun, ay iba na ang tumatao ngayon, at di nila siya mabigyan ng ibang trabaho,” sabi ko,



“kung ganun sasama na lang ako. . . Sasama ako kay Kapatid na Wood, at dadayo kami’t magtatayo ng mga gusali o kung ano pang iba. Tutulong ako sa kanya.” At kaya ang sabi ko, “Mangyari nga na kung aalis ako sa pagmimisyon, siyanga’t, maging siya ay maaalis, din, at makakabalik siya sa pagiging kontratista, at makakapagtrabaho kami na magkasama.” Kaya pagkatapos habang . . .

Sabi ng maybahay ko, “Buweno, umaasa ako—umaasa ako na alam mo ang sinasabi mo, Bill.”

Tapos sabi ko, “Buweno, ako. . .”

Tapos tumingin ako. Dumarating, bumababa mula sa kisame. . . Oh, ako marahil ay. . .

Hindi ko inaasahan na mauunawaan n’yo agad ito. Pero isa pong bagay ’yun na, kapag nakatagpo natin mismo ang. . . nang mukhaan si Jesus, kayo’y. . .? . . . sa Salita.

Heto ngang may paparating, kumikilos. May nakinita po akong dalawang munti’t, maitim ang mukha na mga bata, na bumababa, hila-hila nila ang isang munting kariton.

Sabi ko, “Mahal, tingnan mo, may dumadaan *dito*.” Ako nga’y umalpas na nun.

Tapos sabi ng maybahay ko, “Anong sinasabi mo?” Siya nga’y naririnig ko, pero di ko siya masagot.

At itong munting mga bata’y naglalakad papunta sa akin, medyo, parang may kahabaan ang buhok; at itim, na maitim na mga mata; kayumangging mukha, paparating, lumalakad papunta sa akin.

<sup>84</sup> At nakita ko—nakita ko pagkatapos, dahan-dahan akong gumalaw. Sa likod nung mga bata, nakita ko si G. Arganbright, na kapatid ko, na dumayo sa ibayong-dagat kasama ko nang maraming beses na, nakita ko siya na nakatayo dun, nakatingin sa akin. Lumapit ako, sa kanya.

Ngayon, naririnig ko pa sa mga sandaling ito ang aking maybahay na naglalakad sa silid.

<sup>85</sup> Sige’t sasaysayin ko lang po ito sa ganitong paraan para maintindihan n’yo ito. Marahil hindi ito ang mga tamang salita, pero para maunawaan n’yo. Dun sa isang dimensyon na ’yun na kinalalagyan ko, lumipat na ako sa kabila. Di ko na naririnig ’yung yapak niya. Nawala na.

<sup>86</sup> Tapos nakita ko si G. Arganbright. Siya na siya ’yun dahil sa katangi-tangi niyang gawi, ’yung istilo ng paglagay niya ng kamay niya sa ulo niya at ’yung paraan ng pagngiti niya habang siya’y nakatingin sa akin. Tapos sabi niya, “Kapatid na Branham,” sabi niya, “namahagi na tayo ng mga card, sa lahat ng dako. At naghanda na kami ng madadaanan mo, para makapasok at makalabas. At handa na ang lahat.”

Sabi ko, “Sige, Kapatid na Arganbright, saan ba ang daan ko?”

Sabi niya, “Sige dito lang.”

Lumakad na ako. Dinaanan ko ang ilang mga ministro.

Tapos, lumakad pa ako nang kaunti. Bumantad sa akin dun ang malawak na tanawin, at lahat na sama-sama dun, na tila, nakaupo na libo-libong mga tao.

At pagkatapos bigla-bigla na lang may narinig ako na may nagsalita, “Pinahinto ang pagtitipon.”

<sup>87</sup> “Buweno,” sabi ko, “sino ang nagpahinto? Bakit biglang pinahinto?” At nakikipag-usap ako. Sabi ko, “Bakit pinahinto? Ano bang nangyari?” At umuulan.

Tapos may Bagay na nagsalita sa akin, “Sa pamamagitan nito ay malalaman mo.”

Tapos ang sabi ko, “Buweno, hindi ko . . .”

<sup>88</sup> At pagkatapos ay lumusong pa ako, umusad pa roon sa pangitain. At sa pag-usad dun, nakatayo raw ako, alam n’yo, may maliit na sapatos dun ng sanggol, na pagmamay-ari ng isang-taong gulang. Alam n’yo, maliliit ’yung suotan ng sintas; hindi po medyas, kundi isang—isang sapatos. At may hawak ako na—na sintas sa aking kamay, sinusubukan ko raw ipasok ’yung sintas sa masikip na sangkawalong pulgada na butas na suotan ng sintas, na ’yung sintas ay kalahating pulgada ang kapal. Sinisikap ko nga nang mainam, sinusubukan na ipasok ’yung sintas na ’yun, kalahating pulgada ang kapal, papasok dun sa sangkawalong pulgada ang sikip na suotan ng sintas. At nahihimulmol ko tuloy ’yung mga hibla, nung sintas, dahil sa pagpupumilit ko na ipasok ’yun dun. At hindi nga umuubra. At ’yung sintas tuloy ay naghimulmol nang husto, sa dulo na ’yun.

<sup>89</sup> Tapos, bigla na lang may narinig ako na kung Sino na nagsalita, sa likuran ko, “Hindi mo pa ba nauunawaan na di ka puwedeng magturo sa mga sanggol ng sobrenatural na mga bagay?” Nagpalinga-linga ako sa paligid. At naroon Iyon sa likod ko. At napagkilanlan ko ang Tinig na ’yun. Sabi Niya, “Maling dulo ng sintas ang gamit mo.”

<sup>90</sup> Tapos tumingin ako dun sa isa pang dulo ng sintas na nakalapag sa sahig, may malaking tambak dun ng mga sintas, at ang pagkakabigkis nun ay ang nararapat na sangkawalong pulgada, kaya papasok ’yun sa butas. Sabi ko, “Nauunawaan ko na po.”

<sup>91</sup> Tapos nung pupulutin ko na ’yung sintas, dinala na naman uli ako. Ngayon, isulat n’yo po ito. Antabayanan n’yo na ito’y mangyari. Kita n’yo? At nung ako’y—ako’y akmang pupulot na sana roon, nawala uli ako. Tapos, ang napuntahan ko, ako raw ay nakatayo sa tabi ng isang magandang lawa, katulad ng lawa n’yo rito sa inyo sa panahon ng tag-init na ito’y kalugud-lugod

tingnan at luntian. At may mga mangingisda sa buong palibot ng lawa, at namimingwit sila ng isda, pero ang nabibingwit nila ay maliliit na mga isda. At tumanaw ako dun sa lawa, at nandun 'yung naglalakihan, na magagandang rainbow trout sa dako roon, tapos sabi ko, "Alam ko na isa itong pangitain, pero di ko alam ang ibig sabihin ng mga isdang trout na 'yun. Pero," sabi ko, "alam ko, naniniwala ako, sa kaibuturan ng puso ko, kaya kong bingwitin ang mga 'yun." Kaya, pinulot ko 'yung sintas, pero, sa halip na sintas 'yun, naging bawig na pangisda.

<sup>92</sup> At bigla na lang, Yaong nasa likuran ko ang sabi, "Ngayon tuturuan Kita kung paano mamingwit, kung paano hulihin ang mga 'yun." At kaya kinuha Niya . . . At sabi Niya, "Itali mo ang pain." Haya't ikinabit ko 'yung pain. Sabi Niya, "Ngayon layuan mo ang hagi," ngayon pakinggan n'yo po itong maigi, "doon sa malalim." Tapos ang sabi Niya, "Pagkatapos mo, ngayon hintayin mo na 'yung pain ay lumubog, muna. Tapos," sabi, "hilahin mo nang mabagal." Ngayon, 'yun nga'y subok na na diskarte ng mangingisda. Kaya aking . . .

<sup>93</sup> Sabi Niya, "Mangyari, na habang nariyan ka, ngayon, mararamdaman mo na may mga kakagat-kagat dun, pero huwag mong ipagsabi kaninuman ang ginagawa mo. Sarilihin mo lang." Tapos sabi, "Kapag iyong-iyong naramdaman na kumakagat-kagat uli ito," sabi, "hilahin mo lang nang kaunti, kaunti lang, hindi masyado," sabi Niya, "at pagkatapos 'yun nga'y kikislot palayo sa maliliit na isda. At kapag ang maliliit na isda'y magwatak-watak, 'yun ang pupukaw sa pansin nung malaking isda, at susunggaban nila 'yun." Tapos sabi, "Sa ganoong paraan mo mabibingwit 'yun." Sabi, "Tapos, kapag sila'y kumagat na, sa pangatlong pagkakataon, ihanda mo na ang kawil para sa—sa huli na 'yun."

Tapos sabi ko, "Nauunawaan ko."

Sabi, "Pero tahimik ka lang. Huwag mong sabihin kahit kanino. Tahimik ka lang."

At sabi ko, "Sige po."

<sup>94</sup> At hawak ko nga noon ang pain sa aking kamay. At lahat pala nung mga mangingisda na 'yun ay mga ministro pala, at lahat sila'y nagtipun-tipon sa palibot, sinasabi, "Kapatid na Branham, alam ko na makabibingwit ka ng isda."

<sup>95</sup> Oh, siyempre nga't, pinagaan nun ang pakiramdam ko. Sabi ko, "Oh, siyanga, isa kasi akong mangingisda. Makakahuli ako ng isda." Tapos sabi niya . . . Sabi ko, "Ngayon, ganito ang paraan para magawa n'yo." Tapos sabi ko, "Ihagi n'yo 'yun sa malayo." At malayo nga 'yung pagkakahagis ko, doon mismo sa—sa malalim na tubig. Sabi ko, "Ngayon, 'yung maliliit na mga isda na 'yun ay maiinam, mga kapatid, pero ang gusto nga natin ay 'yung malalaki, rin." At ako'y . . . hinayaan . . . Sabi ko, "Buweno, tingnan n'yo, kapag lumubog na 'yun, ngayon sige't

pagmasdan n'yo, hayun nga 'yun, naroon nga 'yun sa tama nitong puwesto, ngayon, tingnan n'yo naroon, tingnan n'yo, may—may, may nakapaligid na maliliit na isda.” Sabi ko, “Ngayon, kapag lumubog uli. . .”

<sup>96</sup> Hinila ko 'yun nang malakas, at, nung hilahin ko, nahila ko ang buong pain mula sa tubig. At nung mahila ko, nakahuli ako ng isda, pero pinagtatakahan ko kung papaano nito naipasok ang pain sa bibig nito. Dahil, mukha ngang 'yung kaliskis ng isda'y ginurlisan nung pain, na kasing laki mismo nung pain. At sa isip-isip ko, “Oh, naku!”

<sup>97</sup> At bigla na lang, itong Isa na Yaon na kumakausap sa akin, sa likuran ko, humakbang sa harapan ko. Siya Yaon, ang Anghel ng Panginoon. Magkahawak ang Kanyang mga kamay sa harapan Niya. Tumingin Siya sa akin, sabi, “Gaya nga nang nasabi Ko na sa iyo na huwag mong gawin!”

At sabi ko, “Opo. Ganoon po.”

<sup>98</sup> Sabi Niya, “Kita mo, ang Unang Hatak ay 'yung dati'y nagpapatong ka ng iyong mga kamay sa mga tao at sinasabi mo sa kanila kung ano ang suliranin nila.” Sabi, “Ang Ikalawang Hatak ay 'yung tinatalos mo ang mga lihim ng kanilang puso, gaya ng sinasabi Ko sa iyo.” Tapos sabi, “Sa halip na sarilihin mo lang 'yun, sinusubukan mong ipaliwanag sa mga tao kung ano ba 'yun, at sinasabi mo sa mga tao. At sa tuwing gagawin mo,” sabi, “mangyari pa nga na wala kang nalalaman tungkol dun, ikaw mismo. At kaya papaano mo maipapaliwanag 'yun? At kaya nagbunsod ka tuloy ng marami't sangkumpol na mga karnal na panggagaya na lumitaw, at nakita mo na tuloy ang nagawa mo.”

At sabi ko, “Panginoon, patawad po.” At sabi ko—sabi ko, “Oh, patawad po! Hindi ko alam ang gagawin ko.”

<sup>99</sup> At hinihila ko 'yung pamansing, nang *paganito*, at sinusubukan ko na ituwid 'yung pamansing ko. At tumingin Siya sa'kin, sabi, “Ngayon, huwag mong hayaan na magbuhol-buhol ang pamansing mo, sa mga panahong gaya nito.”

<sup>100</sup> Naisip ko, “Marahil bibigyan Niya ako ng isa pang pagkakataon na sumubok.” At ako'y. . . Sabi ko, “Sisiguruhin ko po na mag-iingat ako.” At binibilot ko ang pamansing ko, nakita ko na maayos na ito.

<sup>101</sup> At pagkatapos nung sabihin Niya 'yun, noong mga sandali na 'yun naramdaman ko ang aking sarili na pumaitaas pa, nang mas mataas. At nung madako ako roon, mangyari nga na nasa ilalim ako, at nakatayo sa ulunan ko, ang isang malaking tolda. Wala pa akong nakikita na ganoong tolda noon!

<sup>102</sup> At mistula nga na katatawag ko lang ng pagdulog sa altar, mistula nga, sa may altar. At nung naroon ako sa dakong 'yun, tumingin ako, at daan-daang tao ang nakatayo sa paligid ng

altar, na tumatangis, dahil tinanggap nila nung mga sandali na 'yun ang Panginoong Jesus. At sila'y tumatangis mismo, nang sobrang lakas. At sabi ko, "Oh, napakainam, ang gaya n'yan."

<sup>103</sup> Tapos may isang tunay na kalugud-lugod na ginoo ang lumakad sa ibabaw ng entablado, sabi, "Habang nagpapahinga si Kapatid na Branham, pansumandali," sabi niya, "tatawag tayo ng pila para sa pananalangin." Tapos sabi, "Lahat po ng may prayer card na nagsisimula sa *ganitong* numero, tumayo kayo rito, sa may kanan." Buweno, napansin ko na 'yung pila para sa pananalangin, ay para bang sinakop ang buong paikot nung tolda, at hanggang sa labas, at umabot pa nga sa kalsada. Grabe pong pila para sa pananalangin!

<sup>104</sup> At tumanaw ako, na dun ay sa kaliwa ko; at 'yun po'y sa kanan ko, kung nakatayo ako sa entablado, sa direksyon na *ito* po 'yun. May piraso ng katsa na nakaunat dun. At sa likod ng katsa na ito ay isang maliit, na parisukat na gusali, na mga nasa labingdalawang-talampakan ang lapad at dalawampung-talampakan ang haba, para pong ganun. Buweno, tumayo ako at tiningnan 'yun.

<sup>105</sup> Tapos nakita ko na may dinala silang binibini, na nasa isang stretcher. At may isang babae pa roon na kinukuha ang pangalan ng binibini at iba pang bagay, gamit ang. . . sa isang—sa isang papel. At pagkatapos may dumating na kumuha sa binibini, at inalis na siya roon. At 'yung lalaki na ang kasunod, na nakasaklay. Nakita ko na pumapasok sila sa munting gusali na 'yun.

At sa labas, lumabas ang binibini, sumisigaw nang ubod ng lakas, tulak-tulak ang stretcher na ito. At 'yung. . .

Pagkatapos may isa pang babae sa kabilang panig, na para pong itim ang kanyang buhok, at sabi niya, "Anong nangyari?"

<sup>106</sup> Sabi nung binibini, "Hindi ko alam kung paano nga ba." Sabi niya, "Di ko masaysay sa'yo kung ano bang nangyari." Sabi niya, "Dalawampung taon akong paralisado. At, tingnan mo, ang—ang pakiramdam ko'y para bang di ako—di ako—di ako nagkasakit kahit kailan."

At pagkatapos lang nun, lumabas na 'yung lalaki, haya't pindak-indak at palundag-lundag, na 'yung mga saklay niya'y angat-angat sa kamay niya. At tiningnan ko—tiningnan ko 'yun. At ilang saglit pa. . .

<sup>107</sup> Ngayon, heto po ang isang bagay. Pagtuunan n'yo po ng pansin maigi. May pagkakaiba ang Anghel ng Panginoon at ang Liwanag na 'yun. Dahil, may narinig ako na kumikilos, gaya ng ginagawa Nito kapag Ito'y dumarating sa entablado, sa gabi, na parang may "Whew! Whew! Whew!" at para pong isang Apoy na umiikot-ikot, na dila ng apoy. At iniwan ako Nun, at Yun ay nagpunta sa ibabaw mismo ng mga nagsidalò, at nagpunta't tumayo sa ibabaw ng munting gusali na 'yun, tapos naglumagi

sa ibabaw nun. At pagkatapos, nung naroon na Yun, ito namang Isa na nakatayo sa tabi ko, sa likod ko, 'yung siya ring Tinig, na Tinig ng Anghel, sabi Niya, "Kakatagpuin Kita sa loob nun. At heto ang Ikatlong Hatak, pero walang sinuman ang makakaalam tungkol dito."

Tapos sabi ko, "Buweno, di ko maunawaan. Bakit sa loob nun? Bakit doon?"

Sabi Niya, "Hindi na kasi ito lantaran sa publiko, sa pagkakataong ito."

Tapos sabi ko, "Di ko maunawaan, kung bakit ako papasok dun sa munting silid na gaya nun."

<sup>108</sup> Tapos ang sabi Niya, "Hindi ba't isinulat Ito ng ating Panginoon, 'Kung kayo'y mananalangin, huwag kayong maging tulad sa mga mapagpaimbabaw na gusto niyang marinig siya sa harap ng mga tao. Bagkus ay pumasok sa loob ng lihim na silid at manalangin sa Ama Na nakakakita nang palihim; at Siya Na nakakakita sa lihim ay maggantimpala sa iyo nang hayagan?" Yun nga'y ganap na ganap na nasa Kasulatan. Sa lahat naman ng pagkakataon, siyanga.

Tapos sabi ko, "Nauunawaan ko na."

<sup>109</sup> Tapos dinala Niya ako sa dako na ito, at inilagay ako sa silid na 'yun na kinalalagyan ko. At pagkatapos sinabi Niya sa akin kung ano ang gagawin para sa ikatlong pagkakataon. Ngayon, mga Cristianong kaibigan, 'yan po'y, kahit lumisan na ako sa mundong ito, 'yan po'y mananatili pa rin sa aking dibdib. Kapag ako . . . Pero, tandaan n'yo ang mga sinabi kong ito, na mga bagay na mangyayari.

Yan, 'yan—'yan nga'y limang buwan ang nakararaan, anim na buwan na ngayon, at wala kaming kaalam-alam na kami'y makakapunta rito sa—sa Mexico.

<sup>110</sup> Pero ang akala ko'y sa Phoenix ang punta ko. At ang ating minamahal na kaibigan at kapatid na nananalangin para sa mga maysakit, si G. Allen, nagpunta siya roon. Sabi niya, "Hindi. Magpapaiwan ako rito, kaya di ako makakaalis sa bahagi na 'yan ng buwan." Buweno, di rin ako pupunta roon kung ganoon, na naroon pa ang kapatid kong ito roon. Di ko 'yun magagawa. Kaya, di ko lang alam kay Kapatid na Allen, pero haya't gumaganap siya roon ng gawain ng Panginoon. Kaya ako . . . Sabi nila, "Hindi. Magpapaiwan siya." Sabi ko . . .

<sup>111</sup> Buweno, tinawagan ako ng kapatid, ng—ng asosasyon dun, ng ministeryal na grupo. Na, ako dapat ang hahalili sa puwesto ni Kapatid na Roberts habang nasa Australia siya. Sabi ko, "Buweno, ayos lang. Kung may nakuha na silang ibang tao, yamang si Kapatid na Allen ay nananalangin din para sa mga maysakit, hindi na ako pupunta. Hindi kasi magiging maganda ang dating nun sa kapatid." Kaya sabi ko, "Sige."

Tapos tinawagan ako ni Kapatid na Arganbright, mga ilang araw pagkatapos nun, at sabi, “Kapatid na Branham, nakausap ko ang...si Kapatid na Moore. Bakit di na lang kaya sa Mexico?”

Sabi ko, “Oh, sina Baron von Blomberg at marami pang iba’y sinusubukan nga nilang dalhin ako noon pa sa Mexico. Di ko alintana kung pumunta man ako dun.”

Sabi ko, “Magdaos na lang tayo ng pagtitipon sa ibang lugar sa Amerika.” Sabi ko, “Parang gusto kong magtayo ng tolda na ’yun doon, sa unang pagkakataon.”

Tapos sabi niya, “Buweno, bakit di na lang sa Mexico?”

Sabi ko, “Buweno, sige. Aking . . . Asikasuhin mo.”

112 Mangyari nga na may isa pang lalaki dun. At ibinalik niya ang tawag, sabi, “Plantsado na ang pagtitipon sa pareho ring mga petsa.” Tapos sabi, “Iniskedyul namin ’yun sa loob ng isang malaki’t panloob na awditoryum doon.”

113 At nung gabing ’yun, nandun ako kina G. Wood. Bigla po akong napaisip, “Alam n’yo, tumutugma nga. ‘Mumunti’t, maitim ang mukha na mga bata, na mukhang Indian,’ ganoon ang nasa pangitain.” At pagkatapos sabi ko, “Pero, ang bagay na kakatwa dun, dapat sa isang lugar na malawak, at may bagay na tungkol sa ‘pagpapahinto.’” Kaya mangyari nga na nung kami’y . . .

114 Dalawang araw ang nakalipas, tumawag si G. Arganbright at sabi, “Kapatid na Branham, may nakuha tayong malaking stadium. At ang gobyerno mismo ng Mexico ang magdadala sa iyo, sa pinaka unang pagkakataon sa kasaysayan ng Mexico na may isang di-Katoliko na dinala roon ng gobyerno.”

Kaya sabi ko, “Kahanga-hanga ’yan.” Tapos sabi ko, “Ngayon may bagay nga na napipintong mangyari.” Sabi ko, “Magkakaproblema nga lang tayo.”

115 At alam n’yo, nung magpunta na kami sa Mexico at kami’y naghahanda na, at nagpunta na sa stadium, may . . . Umulan noon, sa daan papunta dun, at may tao na pinahinto ang mga pagtitipon. At di nila alam kung sino ’yung nagpahinto nun, hanggang ngayon. Siyanga. Ganun po ang eksaktong mangyari.

116 Tapos umuwi na ako, lumipad ako nung ikalawang araw. Hindi nga kami . . . Sabi ni Kapatid na Moore, “Kapatid na Branham, aalamin ko—aalamin ko.” At wala nga kaming makuhang ministro, saanman. At walang nakakaalam tungkol dun. At sabi ni Kapatid na Moore, “Kung ako . . . Kapatid na Branham, gayong matagal-tagal na akong sumusunod sa’yo, kung di pa rin ako naniniwala sa’yo hanggang sa sandali na ito, aba’y ngayon ay tunay na naniniwala na ako.”

Tapos sabi ko, “Siyanga.” Kaya, bumalik kami.

At mangyari nga na nabalitaan ko na si G. Arganbright ay nasa biyahe na niya para puntahan ako.

<sup>117</sup> Lumabas ako para manalangin sa kuweba ko, at hiniling sa Diyos kung ano mismo. Nagpakita Siya sa akin ng isa pang pangitain. Sabi Niya, “Patay na mga isda.” Nakalapag ang mga ’yun, at sinabi Niya sa akin kung ano ang mga ’yun. Sabi, “Bumalik ka. Pero hindi pa mismo ito ang oras, pero Akin itong pagpapalain.”

<sup>118</sup> Nagpunta ako roon, at mga nasa apatnapu, limampung libo ang lumapit kay Cristo. May patay na sanggol na binuhay mula sa patay, at maraming dakilang mga bagay ang nangyari.

<sup>119</sup> Ngayon hinihintay ko ang oras na ’yun. Ngayon iisipin n’yo na para bang maliit na bagay lang ito ngayon, na itong mga bagay na ito’y nangyayari, itong mga dakilang bagay na nangyari na.

<sup>120</sup> Nung isang gabi, ako, hindi ko pa alam noon. . . Ilan po ang nasa Philadelphian Church nung marinig nila na sabihin ko sa isang tao, “Sumpain ang tao na magbubukas ng mata habang ako’y nananalangin para sa bulag na babaing ito”? Yun po ang ginagawa ko. Kita n’yo?

<sup>121</sup> Naghahanda ang Panginoon para sa pagbisita sa Kanyang mga hirang, sa isang dakila’t, kahanga-hangang bagay, mga kaibigan. At aking. . . Kinakailangan na ito’y isang lihim sa aking puso. Pero yamang nakikilala n’yo ako, at naniniwala kayo sa akin, at minamahal ako, at ginagalang ako bilang lingkod ng Diyos; tandaan n’yo lang, sinasabi ko ito sa inyo, na may pagpapala na malapit na, siyanga, paparating na. At hindi nga ’yun magpapahina. Hindi na ako panghihinaan dun. At ’yun nga’y higit-higit sa anupamang bagay na nangyari rito o kailanman. Isa ’yung bagay na ibinigay ng Panginoon. At gusto kong. . .

<sup>122</sup> Iubunsod nun ako na maging isang—isang mananampalataya sa biyaya. Matapos kong gawin, at ang mga bagay na nagawa ko, at sa paraan na ikinilos ko, at hinatulan sa harap ng Diyos, at sa kabila nun, sa oras na ang Diyos ay mangungusap ng anumang bagay at magbubunsod ng. . . Kanya ngang gagawin at gagawin ’yun, ano’t anuman. Amen.

<sup>123</sup> Pumatay si Moises ng isang tao, minsan. Pero determinado ang Diyos. Ikinubli Niya siya sa likurang bahagi ng ilang, nang apatnapung taon, pero haya’t dinala niya ang Israel patungo sa lupang pangako.

<sup>124</sup> Hindi ba’t kahanga-hanga Siya? Siya’y nananatiling siya pa ring Diyos ngayon kagaya ng kung ano Siya noon. At, mga kaibigan, sinasabi ko ito sa inyo, bawat isa sa inyo na mga Cristianong mananampalataya, saanmang iglesya kayo dumadalo.



<sup>125</sup> Doon sa may studio, nung isang araw, may isang lalaki. Kausap ko siya, isang kalugud-lugod na lalaki at ang asawa niyang babae, kung saan si Kapatid na Boze at ako'y nagrerekord para sa pagsasahimpapawid. At kinamayan niya ako at kinausap. At sabi ko... Buweno, gustung-gusto niya—niya si Kapatid na Joseph. Sabi ko, “Ikaw ba’y... Dumadalo ka ba sa simbahan niya?”

Sabi niya, “Hindi. Isa akong Methodist.”

Sabi ko, “Buweno, mapapatawad ka naman n’yan.” At akin ngang binibiro siya, nang ganoon. Tapos sabi ko, “Binibiro lang, kita.”

<sup>126</sup> Sabi ko, “Tingnan mo, kapatid, mangangabayo ako noong araw. At ang tatay ko’y isang mangangabayo.” Tapos sabi ko, “Sa may Arapaho Forest, kung saan nagpapastol kami ng mga baka,” sabi ko, “ang mga baka... Wala ngang nakakapuntang iba dun sa pastulan na ’yun kundi thoroughbred na Hereford na lahi lang, siyanga. May tatayong tagabantay sa bakod at di siya magpapalampas dun maliban kung ang baka’y rehistrado, na thoroughbred Hereford ang lahi.” Tapos sabi ko, “Ang ilan sa mga baka ay may tatak na Lazy J, ang ilan ay may tatak na Bar W, ang ilan pa nga’y Circle R, ang iba’y Tripod. Iba-iba ang pagkakahero sa kanila, pero lahat sila’y thoroughbred Hereford na lahi.” Ganoon nga.

<sup>127</sup> Ganoon nga ’yun. Marahil tayo’y Methodist, Baptist, *ganito*, o *ganoon*, o *iba pa*. Pero basta’t kayo’y thoroughbred na Cristiano, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ’yun lang ang tanging makakapasok sa pastulan, doon sa Kawan. Dahil, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan tungo sa isang Katawan.” At tayo’y naging isang bayan, isang Iglesya, na may isang kaisipan at isang layunin: ang luwalhatiin si Jesus Cristo habang tayo’y narito sa lupa. Isang Langit! Tama ba? At lubos-lubos ang pasasalamat natin para diyan.

<sup>128</sup> Ngayon lumampas na po ako sa oras ko, ng pangungusap sa inyo, dahil kailangan n’yong makauwi agad maya-maya. Pero ilan po ang gustung-gusto ang puso-sa-puso na pag-uusap? Mukha namang nauunawaan n’yo—nauunawaan n’yo. Marahil oras at oras ang bibilangin natin sa pag-uusap.

“At ngayon,” kung may magsasabi, “Kapatid na Branham, maaari mo bang ipaliwanag ito sa akin?” Hindi ko po kaya. Gusto ko sana, pero di ko kaya. Imposible po.

<sup>129</sup> Hindi mo maipapaliwanag ang mga sobrenatural na bagay. At kung ipagpipilitan n’yong gawin, matutulad ’yun sa sinabi Niya sa akin, magbubunsod ka ng karnal na panggagaya na magsulputan. Kita n’yo? Kung gagawin n’yo. Ganoon po ang aktuwal na mangyayari. Ganoon po. At ito’y—ito’y magiging

sagabal sa Katawan ni Cristo. Nauunawaan n'yo po ba ang ibig kong sabihin? Magbubunsod 'yun—'yun—'yun ng di pagtutugma.

<sup>130</sup> Ngayon, ang bagay na dapat gawin ay maging tapat sa inyo pong puso, ibigin ang Panginoon nang buong puso n'yo, at sadya ngang magpasalamat na ang Diyos ay kasama natin sa pagmamartsa pausad, ang nabuhay na mag-uling Panginoong Jesus Cristo.

<sup>131</sup> At sinasabi ko ito, at prediksyon po ito. Hindi ko sinasabi ito sa Pangalan ng Panginoon, ngayon. Sinasabi ko ito, bilang inyong kapatid. Ito po ang prediksyon ko. At pakinggan n'yo pong maigi. Ang prediksyon ko'y ang Amerika, sa taon na ito, ang Estados Unidos, sa taon na ito, ay alinman sa tatanggap kay Cristo o magsisimula itong mahulog nang mahulog, mula sa taon na ito. Oo. Ito na ang oras para ang Amerika ay magsisi. At kung hindi . . . Inihuhula ko na, sa tingin ko, mga ika-15 ng Enero o ika-16 ng taon na ito, haya't may pangunguna lang sa akin na sabihin ito. At ito'y . . . Naninindigan ako rito.

<sup>132</sup> At tiningnan ko ang mga ruweda na gumugulong. Napansin ko ang magaling, at kilalang ebanghelista, na si Billy Graham, siya'y kababalik lang mula sa ibayong-dagat at nagdaos siya ng kanyang mga pagtitipon, sa New York at sa mga matataong lugar, para punteryahin ang mga pinaka sentro, at iba pa. At nakita ko rin, na si Kapatid na Roberts ay pinagbabawalan sa ibang dayuhang bansa. Gusto ni G. Arganbright na ako, pagkatapos ng Hunyo, at sila, na pumunta sa Alemanya, tapos bababa sa Timog Aprika at diretso dun, pero may bagay na pumipigil sa akin sa Amerika. At ang lahat po'y tila nakakaranas ng ganoon.

<sup>133</sup> Haya't naniniwala ako na huling tawag na ito sa Amerika, sa taon na ito. Siyanga. Matapang ko itong sinasabi. Tingnan n'yo *rito* sa mga teyp *dito*. Marahil pakikinggan ito dalawampung taon mula ngayon. Kita n'yo? Kailangan maingat ka sa sinasabi mo, mag-ingat sa sinasabi mo. Pero naniniwala ako roon. Ngayon, hindi 'yun sinabi sa akin ng Panginoon. Pero pinaniniwalaan ko 'yun, na alinman sa tatanggap ang Amerika kay Cristo o tatanggihan Siya, nang walang pagkabahala, sa taon na ito. At inihuhula ko na kanilang tatanggihan Siya. Yan po ang hula ko.

<sup>134</sup> Tingnan n'yo ang ginagawa nila sa Florida, kay Jack Coe. Tingnan n'yo ang ginagawa nila, sa lahat ng dako. Papaanong naaatim nila na . . . ? Labag na nga mismo sa konstitusyon, na ang isang tao'y sipain palabas ng isang estado. May kalayaan tayo sa pagsasalita. Tunay, mayroon nga. Pero kanilang . . .

<sup>135</sup> Malalaman mo na lang, susubukan nilang pahintuin ang lahat ng ito. Susubukan nilang pahintuin ang pananalangin sa mga maysakit, at tatakan ito ng "pinagbabawal" ito. At haya't alalahanin n'yo 'yun: na kapag dumagsa na ang pag-uusig, ang

Iglesya, Ito'y aangat sa pinaka matayog Nito sa pagkakataon na 'yun. Ito'y sa pinaka mainam sa tuwina. Siyanga, po. At pinakikilos ito ng Diyos nang may paglalakip.

<sup>136</sup> [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Amen. Luwalhatiin ang Diyos! Amen. Amen. Amen. Amen. Haya't luwalhatiin ang Diyos!"—Pat.] Purihin ang Diyos na Siyang nagkakaloob sa atin ng katagumpayan!

<sup>137</sup> [Dalawang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika nang sabay—Pat.] Antabayanan natin ang interpretasyon ngayon, tingnan natin kung ano ang ipahahayag Niya sa atin. [Dalawang kapatid na babae uli ang nagsasalita sa ibang wika nang sabay. Blangkong bahagi sa teyp.] . . . at ngayon.

<sup>138</sup> May interpretasyon na kasunod ito ngayon. Ang lahat po'y magpitagan lamang na maigi. At may ginang po na nagsalita, kung sino man po ito. Makinig kayong maigi. Hayaan lamang sila na nakakaalam, ngayon, kita n'yo. [Isang kapatid na babae ang nagsimulang magsalita sa ibang wika—Pat.] Shh, shh, shh, shh, shh! [Ang kapatid na babae'y patuloy sa pagsasalita sa ibang wika, habang ang isang kapatid na babae'y nagbibigay ng interpretasyon nang sabay.]

<sup>139</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo, narinig n'yo na po ang interpretasyon. Ilan po rito ang nagnanais na tanggapin si Cristo bilang personal na Tagapagligtas, na alalahanin kayo sa pananalangin? Maaari bang itaas n'yo ang inyong mga kamay nang mataas ngayon? Itaas pong maigi, para makita natin kung sino kayo, sige't itaas lang.

Puwede ba tayong makakuha ng munting tipa sa organ, kung magagawa mo, pansumandali.

<sup>140</sup> Habang iniyuyuko n'yo ang inyong ulo ngayon, at sumasampalataya nang buo n'yong puso, habang sinabi na ng tinig na ito'y ang Katotohanan. Kung kayo po'y dudulog, sige po't lumapit na ngayon.

<sup>141</sup> Makalangit naming Ama, idinadalangin namin sa Pangalan ni Jesus Cristo, na, habang ang Iyong Espiritu ay kumikilos sa gusaling ito ngayon. At ang mga tinig ay nakapagpahayag na at sinabi na ito na ang panahon, ito na ang oras. At dalangin ko, Makalangit na Ama, sa, pagkakita sa lahat ng mga kamay na ito na nagsipagtaas. Nasa, marahil tatlumpung mga kamay o higit pa, ang nagsipagtaas sa ere ngayon, para tanggapin si Cristo bilang kanilang personal na Tagapagligtas; napakinggan ang Mensahe, kaya nalalaman na narito na kami sa huling panahon.

<sup>142</sup> Itong mga rebaybal na apoy sa ibabaw ng bawat burol. Ang Diyos ay nangako, sa huling mga araw, na ibabangon Niya ang mga bagay na ito, para patunayan na Siya ay Diyos, at sa amin ngang kalagitnaan at ginaganap ang bagay na tama, at may pagpapakita ng dakilang mga tanda at mga kababalaghan sa gitna ng mga tao, na ang bulag ay nakakakita, ang bingi ay

nakakarinig, at magkakaroon ng dakilang pagmi-ministryong sobrenatural na iiral. At sa araw na ito, Panginoon, kami po'y buhay para saksihan ito.

<sup>143</sup> At dalangin ko, Makalangit na Ama, na bawat isa sa aba, na kalugud-lugod na mga anak na ito na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay sa oras na ito mismo, na nagnanais na tanggapin Ka bilang personal na Tagapagligtas, na ililigtas Mo sila mula sa kasalanan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>144</sup> At dalangin ko, rin, na habang narito kami sa pambihirang pagkilos na ito sa mga sandaling ito, na ang Espiritu Santo'y magpupuno sa bawat puso, na panibago. Ikaw po'y magsindi ng bagong apoy, Panginoon, sa kanilang mga kaluluwa. Sila nawa'y humayo na may kasigasigan, matapos na makapakinig; sa mismong sandali na 'yun na ang Salita ay sinalita, na ang aming minamahal na bansa'y tatalikod sa alok na 'yun.

<sup>145</sup> Oh Diyos, babagsak at babagsak ang mga bantog na kaharian. Bawat mortal na bagay ay magpapaubaya sa imortal, Oh Diyos, sa amin pong nakikita rito. Tumayo kami sa ibayo sa sinaunang Roma na sira-sira na, nakita kung saan ang bantog, na bantog na monarkiyang bansa ay nakatayo noong araw na isang namumukadkad na lugar sa mundo, pinaka maliwanag na dako sa buong mundo noon. At, ngayon, kakailanganing maghukay ng dalawampung talampakan sa ilalim ng lupa, para makita ang sira-sirang bahagi ng dating bantog na imperyo. Doon sa ibayo, kung saan dating nakatayo ang templo, ang nakatayo na roon ay ang Moslem ng Omar. Marami sa mga bantog na bagay, bantog na mga bansa, ang kilalang si Alexander the Great, at ang Gresya, at marami pang ibang lugar, ganoon na lamang na ang mga kaharian na ito'y nagsibagsakan!

<sup>146</sup> Diyos, nakikita po namin ang pundasyon ng aming bansa na gumuguho na, dahil sa pagtangga sa Ebanghelyo. Gayong may mga dakilang lalaki na humayong masigasig sa bansa na ito, pinuntahan ang kasuluk-sulukan, na ang mga mensaheng pang-Ebanghelyo'y ipinangaral; isang espiritung katulad kay Juan Bautista, na di nagpapamalas ng mga himala o nagsasabi ng anumang tungkol sa mga himala, pero lumalaganap mismo sa bansa. Tapos ang nagpapamalas-ng-himalang kapangyarihan ni Jesus ang sumunod dun, kung papaano noon kay Juan, at sa kabila nun ang aming bansa, hayan ang wiski, tabako, mga night club, ang kasalanan ay paapaw nang paapaw saanmang panig. Ang bantog naming sibilisasyon ay bumabagsak na, bumabagsak. Ang lahat ay kailangang bumigay. Lahat nitong mga kaharian ay babagsak at babagsak, nang sa gayon ang Kaharian ng Diyos ay pumasok, sa kaliwanagan nito, at ang dakilang Milenyum ay papasok na.

<sup>147</sup> Katulad na lang sa isang matandang punongkahoy, na dati, mga ilang taon lang ang nakararaan, bilang batang paslit, ay

naupo roon; gayong brusko, at maharlika ang mga sanga nito, na iniisip ko pa nga noon na ang puno na ito'y tatayo dun nang daan-daang taon. At ngayon ito'y tulos na lang, ipinapakita lang na lahat ng mortal na mga bagay ay bibigay at bibigay.

<sup>148</sup> Ako, man, Panginoon, na dati'y kabataang-kabataan, nakikita ko na po na ako'y nauupos na rin ngayon, malapit nang makarating sa dulo ng tahakin sa ibayo, haya't natatanaw na ang paglubog ng araw. Ngayon, maraming mga nag-uuban ang buhok ang nakayuko sa loob ng gusaling ito, na noong araw ay mga matitikas, na magagandang kabataang lalaki. Marami sa mga kababaihan na nakayuko, nangungulubot na, at ngayon may mga luhang gumuguhit sa linya ng kulubot sa kanilang mukha na dati'y kaibig-ibig at maririkit, noong mga kabataang babae pa. Oh Diyos! "Lahat ng laman ay gaya ng damo." Nalalapit na ang katapusan.

<sup>149</sup> Oh Cristo ng Diyos, Iyo pong tanggapin ang mga abang tao na ito sa Iyong Kaharian. Darating ang araw, na tatayo ako sa Ibayo sa may—sa may Luklukan ng Diyos, at magsusulit ako ukol sa aking pagmi-ministeryo, magsusulit para sa mga bagay na ito na Iyong ipinahintulot sa aking gawin, Panginoon, sa gitna ng mga tao, para ideklara ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus. Diyos, ako po'y magsusulit at magsusulit para dun. Oh Diyos, magpaalab Ka ng kasigasigan patungo sa aking puso, nang masigasig at masigasig pa, at karunungan, nang sa gayon ay malaman ko kung papaano pangungunahan ang mga tao patungo sa Panginoong Jesus.

<sup>150</sup> Ngayong araw na ito, Ama, Iyong ipinangako sa Iyong Banal na Salita, "Ang dumirinig sa Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na papasok sa paghatol, kundi lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

<sup>151</sup> Maraming mga kamay ang nagsipagtaas sa buong dako, Panginoon. Maraming aba, na naliligaw na tao, marami po sa kanila ang tumalikod sa pananampalataya at nalihis sa landas. Diyos, Iyo pong ipagkaloob 'yun, sa mismong minuto na ito, na ang Espiritu Santo'y sumaksi mismo na ang mga bagay na ito'y totoo, na narito na kami sa huling panahon, at mapagtanto nila na balang araw kailangan nilang yumao. Nawa'y tanggapin nila si Cristo sa sandaling ito ngayon, habang ang aming mga ulo ay nakayuko.

<sup>152</sup> Mayroon po ba rito ngayon, na di nakapagtaas ng kanilang kamay nung unang magtawag? Magagawa n'yo na bang magtaas ng kamay n'yo ngayon? At sabihin, "Nagnanais akong tanggapin si Cristo, sa oras na ito, bilang aking Tagapagligtas." Magagawa n'yo ba? May iba pa ba? Na hindi . . .

<sup>153</sup> Napansin n'yo ba kung papaanong tumama ang Apoy na 'yun nung ipahayag ang Salita? Kita n'yo? Naniniwala ako, kaibigan.

Pagpalain ka ng Diyos, kabataan kong kaibigan, kabataang lalaki na nakataas ang iyong kamay. Diyos, Iyo pong ipagkaloob sa kapatid kong ito. May Walang Hanggang Buhay ka dahil sa pagsampalataya sa Panginoong Jesus.

Iniiisip ko, mayroon pa kaya riyan sa balkonahe?

<sup>154</sup> Kung nakikita natin na ipinangako ng Diyos ang mga bagay na ito, narito nga tayo para saksihan na ang mga bagay na ito'y nangyayari. Alam natin na ipinangako ito ng Diyos. At anuman na ipangako ng Diyos, ang Diyos ay obligado na gawin ito.

<sup>155</sup> Mayroon pa bang iba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Nakikita ko ang kamay mo. Mayroon pa bang iba na magtataas ng kanilang kamay? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Nakikita ko ang kamay mo. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae. Nakikita ko ang kamay mo. Mayroon pa po bang iba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Nakikita ko ang kamay mo.

<sup>156</sup> Mayroon ba sa may balkonahe? Gusto kong makita ang kahit sino, diyan sa may balkonahe, na di pa Cristiano, na nais nang magtapat. Pagpalain ka ng Diyos. Alam ko na mayroon at nariyan ka, iho. Mayroon pa, dahil tila pinangungunahan ako ng Espiritu Santo na bumaling sa balkonahe. Hindi ko alam kung bakit. Hindi po ako panatiko. Kung ako nga, hindi ko po sinasadya. Pero mukha ngang mayroon diyan sa balkonahe. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Nawa ika'y. . . At kung ang asawa mong babae ang katabi mo riyan, nawa'y paglingkuran mo ang Panginoong Jesus nang buong puso mo. Nawa'y baguhin Nito ang iyong buhay, iyong tahanan. Gagawin Nito. Ikaw nawa'y maging lingkod Niya.

<sup>157</sup> Mayroon pa po bang iba, bago tayo magtapos ngayon, bago ko ibigay kay Kapatid na Boze ang gawain? Ang mga kalalakihan po'y papasok, sa ilang saglit, at mag-uumpisang mamigay ng mga prayer card. Magagawa n'yo ba, sa isa pang pagkakataon, na itaas ang inyong kamay, saanmang dako sa gusali? Kapatid na Joseph. . . Kung maitataas n'yo ang inyong kamay, pansumandali; nais kong manalangin kasama n'yo, uli. Oo. Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita kita riyan. Salamat, mabuting ginoo. Pagpalain ka riyan ng Diyos, kabataang lalaki. Napakainam n'yan.

<sup>158</sup> Ngayon, mukha ngang kakatwa ito sa ilan sa inyo, kung papaano ngang ang isang Salita na 'yun ay maipapahayag gaya napa, at isang Apoy ang kakalat. Kita n'yo? Yun ay dahil sa ito'y Katotohanan, at ang—ang pinaka tema sa Mensahe, kita n'yo, na tayo'y nasa huling panahon na.

Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Nakikita ko ang kamay mo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos.

Ngayon, sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, na marami sa mga nakaupo rito, ang naniniwala ako, na tatayo sila sa isang

katakut-takot na pag-uusig ng kanilang pananampalataya bago ang pagtatatak paalis.

<sup>159</sup> Pagpalain ka ng Diyos. May iba pa ba na magtataas ng kanilang kamay? Pagpalain ka ng Diyos, diyan po sa likod na likod. Nakikita ko ang kamay mo, ginoo. Mayroon pa po bang iba? Ngayon, ang iba pa, sige't magtaas lang ng inyong kamay dagli. Habang hinihintay natin ang pagtatapos na panalangin, sige't kung magagawa n'yong itaas ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita ko ang kamay mo, 'yung lalaki diyan sa itaas. Oo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Nakikita ko.

<sup>160</sup> Napakainam po; tumanggap mismo kay Cristo. Ikaw, sa pagtaas mo ng iyong kamay, sumusulat ang Diyos sa Aklat ng Buhay. Sa mismong minuto na ikaw ay manampalataya, ikaw ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay, sa pagtaas mo ng iyong kamay. Papaano n'yo naitaas ang inyong kamay? "Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama, unang-una." Ganoon po. Ang Diyos, dito, ay nagpapalapit; naitataas n'yo ang inyong kamay. Sinusulat ng mga Anghel ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay. Yun na 'yun. Ngayon matatanggap mo ang Espiritu Santo kung kayo'y sasampalataya lamang.

Ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo muli.

<sup>161</sup> Makalangit naming Ama, Ikaw po'y magpadala ng Iyong mga pagpapala. At ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, para sa kalugud-lugod na grupo ng mga tao rito na tumatanggap ngayon kay Cristo. Nagpapasalamat ako sa Iyo dahil sa Iyong pagpapatibay sa Iyong Mensahe, Panginoon, at pagkakaloob Nito, at sa pagpapamalas ng mga bagay na ito na Iyong ginawa para sa amin ngayon. Ang mga taong ito'y magiging masaya sa buong raw ng kanilang buhay. Ikaw ay nagbigay sa kanila ng Buhay na walang hanggan, sa oras na ito ngayon, dahil sila'y sumampalataya sa Panginoong Jesus. At, Ama, kapag tinawag na ang pagdulog na 'yun sa altar, sa ilang sandali pa, na sila ay makalalapit dito at personal na makatatayo sa paligid ng altar o sa pasilyo, at nananalangin po ako sa Iyo at nagpapasalamat para sa kanilang kaligtasan, dalangin ko na bawat kamay na nagsipagtaas at tatayo sa pasilyo, saan man, at mananalangin sa Iyo, at magpapasalamat dahil sa pagtanggap Mo sa kanila roon, o, pagtanggap sa kanila papasok sa Iyong Kaharian. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y ang Iyong mga pagpapalang Walang Hanggan ay bumaba sa kanila.

At habang nakayuko po ang ating ulo, ipagpapatuloy ni Kapatid na Joseph, ang pananalangin.



*ANO ANG ISANG PANGITAIN?* TAG56-0408A  
(What Is A Vision?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Abril 8, 1956 sa Lane Tech High School sa Chicago, Illinois, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)